# TU DILO: PAKIKIPAGSAPALARAN NG BAYANI*

Alamin ang mga kasanayan at natutunan sa mga nakaraang aktibidad at pangunahan ang pagharap sa mga hindi pangkaraniwang sitwasyon sa araw-araw.

## Kalakasan at Katatagan

### Oras na Kailangan

30 minuto

### Hirap

Madali

### Mga Kagamitan

Papel, panulat

*Ginawa ang aktibidad na ito bilang karugtong ng pag-aaral na konektado sa **Tu Dilo** Limitless Project.

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang**

- Bibigyang-diin ng tagapangasiwa kung paano nakatulong sa atin ang mga nakaraang aktibidad ng Tu Dilo na malaman ang pagkontrol sa mga emosyon at pagkakilala sa sarili. Nakatutulong ang Tu Dilo learning thread na bigyang-diin ang kahalagahan ng proseso ng pag-aaral para sa kagalingan at katatagang pangkaisipan.

**Ikalawang Hakbang**

- Random na magtatalaga ang tagapangasiwa ng hindi pangkaraniwang sitwasyon kung saan ang layunin ay mapaalis ang mga kalahok sa kanilang comfort zone at kanilang matukoy kung paano kontrolin ang kanilang mga emosyon at mahanap ang kanilang mga panloob na kalakasan.

**Ikatlong Hakbang**

- Sa pamamagitan ng paggamit sa halimbawa ng The Great Test sa The Hero's Journey ni Joseph Campbell, gagawa ang mga kalahok ng kuwento kung saan sila ang mga bida sa sarili nilang Pakikipagsapalaran ng Bayani para ipaliwanag kung paano nila haharapin ang hindi pangkaraniwang sitwasyon na ibinigay sa kanila.



## Annex 1 - Mga hindi pangkaraniwang sitwasyon

Nakakaranas ang iyong pamilya ng napakahirap at napakasakit na panahon at hindi sila makahanap ng lakas para magpatuloy. Ikaw dapat ang maging suporta nila. Paano ka magbibigay ng suporta?

Nalaman mong tinanggihan ang aplikasyon mo para makapasok sa priyoridad mong unibersidad. Iginigiit ng iyong pamilya na dapat makapasok ka sa unibersidad na ito. Paano mo haharapin ang pagkabigo mo at ng iyong pamilya?

## Annex 2 - Halimbawa ng Pakikipagsapalaran ng Bayani ng Tu Dilo

"Marahil ay alam na natin ang kuwento ni Frodo Baggins, ang pinakasikat na Hobbit sa mundo, o ni Harry Potter, ang pinakasikat na wizard sa ating panahon. Sa dalawang kuwento, parehong pangkaraniwang tao ang mga bida na namumuhay sa araw-araw nang binigyan sila ng pagkakataong harapin ang isang hamon. Kinailangan ng team ng Tu Dilo na humarap sa katulad na sitwasyon noong tinanggap namin ang imbitasyong makibahagi sa Toolkit sa Paghahanda ng mga Teenager. Nakaramdam kami noong una ng pag-aalinlangan sa pagharap sa hamong ito pero nagpasya kami sa dulo na mas makabuluhan ang aming potensyal na gumawa ng mga masaya at kapaki-pakinabang na aktibidad kumpara sa mga alalahanin namin at sinimulan namin ang proseso ng paggawa ng mga aktibidad. Nakahanap kami ng gabay na nagbigay sa amin ng mga alituntunin kung paano magpapatuloy. Noong nagsimula kaming makilala ang isa't isa at ang aming sarili, napagtanto namin ang aming mga kakayahan at kahinaan at sinamantala namin ang aming mga kalakasan upang matulungan kaming malampasan ang hadlang sa paggawa ng mga aktibidad. Ngayon, nasa mahalagang bahagi na kami ng aming paglalakbay at magsisimula rito ang pagsubok upang malaman kung paano ginagamit ng mga mag-aaral ang mga aktibidad na ito..."

